


Ladies Prayer International Newsletter



United Pentecostal Church Intl

Enero 2021



Bisitahin [Ladies Prayer International on Facebook](#) at i- "like" ang aming page!



Nakikita ka ng Diyos

Ni Tanya Lewis

“Hindi ito dapat magtapos ng ganito,” yun ang naisip niya habang hinahanda niya ang lugar na pagpapahingahan ng kanyang nag-aagaw-buhay na anak. Naglakbay ang kanyang isip noong unang beses na kinaharap niya ang kasukalan ng buhay. Takot, nag-iisa, dala ang anak ng asawa ng iba. Hindi iyon ang buhay na pinangarap niya, ngunit bilang isang alipin wala siyang pagkakataong mamili ng kinabukasan.

At dahil sa kasukalan na ito, nakilala ni Agar ang Panginoon. Tinawag siya nito sa pangalan at pinangakuan na dadami ang kanyang mga supling. Walang nakakakita sa kanya noon, lalo ng walang nagbigay sa kanya ng pag-asa. Dahil siya ay isang alipin lamang. Ngunit, siya ay nakipag-usap sa Panginoon na gumawa ng lahat. Sobrang naantig si Agar sa atensyon na binigay sa kanya ng Panginoon kaya “kaniyang tinawagan ang ngalan ng Panginoon na nagsalita sa kaniya, Ikaw ay Dios na nakakakita” (Genesis 16:13). Dahil alam niyang importante siya sa Panginoon, nagkaroon siya ng lakas ng loob na pagsilbihan muli ang kanya amo, si Sarah.

Kaunti lang ang nalalaman natin pagkatapos bumalik si Agar sa bahay nila Abraham; ngunit ang kanyang anak na si Ishmael ay napalaki ng walang kakulangan sa pamamahay ng kanyang ama. Hanggang sa dumating si Isaac, ang pinangakong anak. Ang galit na si Sarah ang nagtulak kay Agar pabalik sa kasukalan. Sa pagkakataong ito, kasama na niya ang isang binata na basag ang puso at kakulangan sa pangagailangan na nagpaiyak kay Hagar at hinintay na lamang niya ang kamatayan. Ngunit, nakikita pa rin siya ng Diyos.

“At yumaon at naupo sa tapat niya, na ang layo ay isang hilagpos ng pana; sapagka't sinabi niya, Huwag kong makita ang kamatayan ng bata. At naupo sa tapat, at naghiiyaw at umiyak. At narinig ng Dios ang tinig ng bata; at tinawag ng anghel ng Dios si Agar, mula sa langit, at sa

kaniya'y sinabi, Naano ka Agar? Huwag kang matakot; sapagka't narinig ng Dios ang tinig ng bata sa kinalalagyan." (Genesis 21:16-17).

Hindi pinuntahan ng Diyos si Agar dahil tinawag niya ang Diyos, kundi dahil narinig ng Diyos ang boses ng kanyang anak. Ang anak na pinalaki sa bahay kung saan tinuturo ang pagtawag at pagsilbi sa nag-iisa at totoong Panginoon. Ang kanyang pagtawag ng tulong at ang pagsunod ni Agar ilang taon na ang nakaraan ang nagligtas sa kanila sa siguradong kamatayan. Kahit na sila ay tinakwil at maaring masabi na wala na ang pangako ng Diyos, ang 'Diyos na nakakakita' ang nagligtas sa kanila. Hindi sila nag-iisa sa kasukalan, pati na rin ikaw!

Kahit ikaw man ay nag-iisang magulang na ginagawa ang lahat ngunit parang hindi pa din sapat, o di kaya ang iyong asawa ay hindi pa naliligtas, tandaan mo na ang **DIYOS NA NAKAKAKITA** ay nakatingin sa iyo. Maaring takot ka at pakiramdam mo wala ng ilalala pa ang sitwasyon, manatiling tapat at masunurin. Ipagpatuloy mo ang pananampalataya at ituro mo sa iyong mga anak na magtiwala sa Panginoon. Huwag kang mag-alala, dadating Siya sa tamang oras.

Siya ang Diyos na nakakakita- sa IYO.

Note: Si Tanya Lewis ay kasalukuyang nagsisilbi sa Heidelberg, Germany. Ang mga gusto niyang gawin ay magluto, makasama ang pamilya at magsanay ng mga worship leaders para sa susunod na henerasyon.

Siya ang Panginoon na Laging Nasa Tamang Oras

Ni Reta Alphin



"Bilisan nyo;" "Tara na;" "Di tayo puwedeng ma-late." Kadalasa nating ginagamit ang mga salitang ito. Tayo ay namumuhay sa isang lipunan kung saan lahat ay gusto nating makamtan agad-agad ang lahat. Agarang kasiyahan, agarang bawas ng timbang, agarang pagyaman. Lagi tayong nagmamadali upang lage tayong nasa tamang oras o makuha natin ang ating mga gusto sa tamang oras. Napaka-mainipin natin.

Ang salitang "tamang oras" ay nangangahulugang "dumating sa saktong oras at hindi huli; sapat na maaga" (Isinalan mula sa Cambridge English Dictionary).

"Isang bagay na dumating, nangyari o nagawa ayun sa tamang oras o di nahuli" (Isinalan mula Cambridge English Dictionary).

"Nasa oras: maagap " (Isinalan mula sa Collins Dictionary).

Kaya nagiging mainipin tayo pagdating sa mga bagay na may kinalaman sa Panginoon. Gusto natin sagutin agad ng Panginoon ang ating mga dasal. Gusto natin lahat ng pangako Niya ay matupad agad, ngunit ang orasan ng Panginoon ay iba sa atin. Sabi sa Mga Awit 90:4 "Sapagka't

isang libong taon sa iyong paningin ay parang kahapon lamang nang makaraan, at parang pagpupuyat sa gabi.”

Sabi din sa 2 Pedro 3:8, "...na ang isang araw sa Panginoon ay katulad ng isang libong taon, at ang isang libong taon ay katulad ng isang araw."

Sa Galacia 4:4, "Datapuwa't nang dumating ang kapanahunan, ay sinugo ng Dios ang kaniyang Anak..." Hindi maaga o huli, ngunit pag oras na sa orasan ng Diyos, oras na talaga.

Kaya ang tanong, kalian ba ang tamang oras? Kailan ba ang tamang oras ng Diyos? May kanta tayu. "He's an on-time God. He may not come when we want him, but he will be there right *on time*."

Paano natin matututunan na magtiwala at maniwala na ang pagdating ng ating mga pangako mula sa Diyos ay nasa tamang oras? Kapag ang ating mga dasal ay sinagot na, ito ay tamang oras. Kaya panghawakan natin ang pangako na nasa tamang oras lage ang Diyos. Maaring ang tamang oras ay hindi bukas o sa susunod na taon, ngunit ang tamang oras ay dadating "sa tamang oras, hindi huli; sapat na maaga." Ako ay pinagpala dahil ang mga anako kay nagsisilbi sa Panginoon, ngunit madami din sa atin na may mga anak na lumayo na sa Panginoon....pansamantala.

Ang sabi sa Bibliya sa Manunulat 3:1 "Sa bawa't bagay ay may kapanahunan, at panahon sa bawa't panukala sa silong ng langit."

Panghawakan mo ang pangako na paglago ng simbahan, kaligtasan para mga kaibigan at pamilya. Patuloy kang magtiwala sa Panginoon kase siya ay laging nasa tamang oras.

Ang oras ng Panginoon ay hindi natin oras. Ngunit, ang ating Panginoon ay Diyos na laging nasa oras sa lahat ng bagay. Hindi huli, ngunit nasa saktong oras lage.

Note: Si Reta Alphin ay kasal kay Gene Alphin na naninilbihan bilang Senior Pastor ng The Life Church of Lincoln. Meron silang dalawang anak na sina Chase at Brooklynn na parehong tumutulong sa kanilang mga magulang upang pagsilbihan ang The Life Church's ministries. Si Reta ay nakatapos ng doctorate sa public administration at, bilang dagdag sa pagiging asawa ng pastor, siya ay nagtatrabaho din na firm administrator sa isang law firm sa Lincoln, Nebraska. ⁴

Impluwensyahan Natin ang Ating mga Anak

Ni Jodie Marcantoni



Kapag binasa natin ang kuwento tungkol sa ina ni Moses na si Jochebed, ang ating natutunan ay ang magtiwala sa plano ng Panginoon para sa ating mga anak. Base sa kuwento, kung iba ang naging desisyon niya, siguro mag-iiba din ang kasaysayan. Habang sunod-sunod kong binabasa ang mga kabanata sa Exodo, at nagtutupi ng mga damit ng aking mga anak, may ipinakita na anggulo ng kuwento sa akin ang Panginoon na hindi ko napansin nuon.

Matagal ng napag-aralan at napatunayan sa siyensa at teknolohiya na mabilis ang pagyabong ng ating utak sa unang tatlong taon ng ating buhay. Maaring madaming mga partikular na pagkakataon ang hindi na natin matatandaan, ngunit ang karanasan at koneksyon sa utak mula sa mga panahong iyon ang nag-iimpluwensya ng ating pagdi-desisyon, pakikipag-relasyon, tingin sa sarili at mga emosyon sa ating buong buhay. Sabi sa Bibliya na ang ina ni Moses ang nagpalaki sa kanya sa unang mga taon ng kanyang buhay. Gusto ko sanang makita kung paano siya makipag-ugnayan sa kanyang anak, dahil alam niyang saglit lang ang panahon na meron siya upang ma-impluwensyahan ang kanyang anak. Lalo na at alam niya na kailangan niya itong ibalik sa kultura na hindi nakakakilala sa tunay na Diyos. Siguro, habang ginagampanan niya ang kanyang araw-araw na gawain, kinakantahan niya ito, sinasama niya sa pagdadasal at kinuwentuhan ng tungkol sa Panginoon.

Paano ko nga ba ginugol ang aking oras sa ang aking mga maliit na anak? Mas higit ba ang oras nila sa harap ng mga gadyet kaysa sa simbahan? Baka sa ating pagbabalik-tanaw ay pagsisihan natin na sa sobra nating abala, kaunti nalang ang oras natin upang imodelo sa mga anak natin kung paano magkaroon ng malalim at personal na relasyon sa Panginoon? Ang reaksyon ko ba sa mga maliliit na pagkakamali nila ay nagpapakita ng habag at pasensya? Natuturuan ko kaya sila na manalangin sa oras ng kahirapan, o natuturuan ko sila na magreklamo, maawa sa sarili at manahimik na lamang?

Panginoon, tulungan mo ako kagaya ng pagtulong mo kay Jochebed. Huwag mong hayaan na sayangin ko ang mga oras kasama ang aking mga anak, dahil alam ko darating ang araw na sila ay malalantad sa kultura na hindi nakakakilala sa iyo. Tulungan mo ako na maging magandang ehemplo sa kanila sa panalangin, pagpupuri at pagpaparangal sa Iyo sa lahat ng gagawin ko. Nagtiwala ako sa plano mo para sa aking mga anak. Ang panalangin ko ay gamitin mo sila upang ihayag ang pagmamahal mo sa buong mundo, at mag-akay ng iba sa Iyong katotohanan. Amen.

Note: Si Jodie Marcantoni, DNP, FNP-BC, RN, ay may Doctorate sa Nursing at isang lisensyadong Family Nurse Practitioner. Siya ay full-time na ina at propesor sa Simmons University. Siya ay nagsasamba sa Sanctuary sa Hazelwood, Missouri, kasama ang kanyang asawa na si Jared, at mga anak na sina Jacob (4) at Joseph (2).

Mula sa editor



Ang Diyos ay gumagawa ng mga makapangyarihang bagay!

Ang Diyos ay nagbubukas ng maraming pinto at ang newsletter na ito ay magagamit na ngayon sa Ingles, Espanyol, Pranses, Aleman, Olandes, Portuges, Ruso, Griyego, Arabo, Czech / Slovak, Tsino, Swahili, Hungarian, Tagalog, Indonesian, Romanian, Italyano, Norwegian, Polish, Hindi, Georgian, Japanese, Swedish, Vietnamese, Thai, Korean at Hebrew
Mangyaring tulungan kaming manalangin para sa mga tagasalin ng Serbian, Farsi!

Kung nais mong makatanggap ng alinman sa mga salin sa itaas mangyaring ipaalam ang interes sa LadiesPrayerInternational@aol.com at kami ay nalulugod na idagdag ka sa aming mailing list!

[Bisitahin ang Ladies Prayer International sa Facebook at i-"like" ang aming page!](#)